Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 26 NG HULYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
nasa lakad opisyal
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
nasa lakad opisyal

**KAPASIYAHAN BLG. 248-T'2000**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA PAHINTULUTANG MAKAPAGSAGAWA NG PROGRAMANG "TEAM BUILDING" ANG ILANG MGA KAWANI AT PINUNO NG PAMAHALAANG BAYAN (ELECTIVE AT APPOINTIVE), KASAMA ANG MGA PRIBADONG SAMAHAN (NGO's), SANGGUNIANG BARANGAY, MGA PUNONG GURO AT SAMAHAN NG MGA MAGULANG AT GURO SA BAYANG ITO, MULA SA IKA-17 HANGGANG SA IKA-19 NG AGOSTO NG TAONG ITO SA LUNGSOD NG BAGUIO.**

**SAPAGKA'T,** binigyang-halaga ng pamahalaang bayan ang pagbubuo ng isang layuning mapagbuklod ang mga naglilingkuran sa pamahalaan at mga kabalikat na samahan para sa ibayong pagpapalakas at pagpapasigla ng mga programang panlipunan at pampamahalaan sa bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na pahintulutang makapagsagawa ng programang "Team Building" ang ilang mga kawani at pinuno ng pamahalaang bayan (elective at appointive), kasama ang mga pribadong samahan (NGO's), Sangguniang Barangay, mga Punong Guro at Samahan ng mga Magulang at Guro sa bayang ito, mula sa ika-17 hanggang sa ika-19 ng Agosto ng taong ito sa Lungsod ng Baguio.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan